

1

Matamang pinag-aralan ni Mr. Romualdo Cuevaz ang mukha ng anak na si Chayzen at ng best friend nitong si Doreen. Nagpapaalam ang mga ito na magbabakasyon nang isang linggo sa probinsya ni Doreen.

“Paano ang mga trabaho n’yo?” duda nitong tanong.

“Uhm... p-pinayagan po ako ng boss ko na mag-leave,” nauutal na sagot ng kaibigan niya. Connected ito sa isang ahensya ng gobyerno habang medical representative naman si Chayzen.

“Same goes with me, Pa.”

“Baka naman kalokohan lang ang gagawin n’yo d’un sa Davao?” anang mama niya.

Masyadong conservative at napaka-old school pa rin ng kanyang mga magulang. Kaya nga ni hindi niya mabanggit sa mga ito na sa edad niyang beintecuatro ay nagkaroon na siya ng tatlong boyfriends. Paniwalang-paniwala ang mag-asawa na masyado siyang dedicated sa trabaho, kaya wala siyang panahong makipagligawan.

“Naku, hindi po! Istrikto din po ang mga magulang ni Doreen,” mabilis na sabi ni Chayzen.

Napabuntong-hininga si Mr. Cuevaz.

“O, siya, sige. Papayagan ko na kayo, pero isang linggo lang ang itatagal n’yo d’un, ha? Hindi na maaaring lumagpas pa. Ayoko ding marinig na nag-side trip kayo kung saan,” mahigpit na paalala nito. Nang makapasok ang mga ito sa kuwarto, saka pa lang pinakawalan ni Doreen ang nerbyos.

“Malilintikan talaga tayo nito sa oras na malaman nila na kinasakapakat mo ako para magsinungaling at papaniwalain silang magkasama tayo sa amin.”

“Kaya nga huwag ka nang maingay at ayusin mo ’yang mukha mo. Guilt is all over your face. Baka mahalata ka nila,” pabulong na sita ni Chayzen.

Batikan ang pagka-Katipunero ng kanyang ama. Magbulungan lang sila noon na magkakaibigan at maghagikgikan habang gumagawa ng assignment, iniisip na kaagad nitong lalaki ang pinag-uusapan nila. Kaya nga lagpas treinta años na nang makapag-asawa ang ate ni Chayzen. Pero kung siya ang tatanungin, hindi niya planong sumunod sa yapak nito.

Umaasa siyang maging okay sila ni Nick. Na

sana, kagaya niya, kino-consider din ng lalaki ang posibilidad na maaaring sila na ang magkatuluyan.

“Kung bakit naman kasi kailangang pumunta ka pa sa *Punta Del Sol* para sa Nick na ’yan. Hindi ba p’wedeng magkita na lang kayo nang pasekreto dito?” nakasimangot na kontra ng kaibigan.

“Masyadong hassle. Besides, ipapakilala ako ni Nick sa mga partidos niya. Alangan namang isakay niya silang lahat sa barko para sa convenience ko?” sabi niya. Pinandilatan siya ni Doreen dahil nagawa pa niyang magbiro gayung problemado na nga ito.

“Ewan ko, Chaze. Hindi pa rin ako kampante sa pakikipagrelasyon mo sa taong iyon, at lalo na sa gagawin mong ito. Kung makantyawon mo kami ng boyfriend ko noon na hindi totoo ang love at first sight, ano pa kaya ’yang sa inyo ni Nick? Love at first chat? Come on.”

“Doreen naman, eh. Pinapabigat pa ang feelings ko. Kaya nga ako makikipagkita kay Nick dahil gusto ko siyang lubusang makilala. At saka, I’m really hoping na mas lumalim pa ang samahan namin. Alam mo ’yun? He could be the one,” puno ng pag-asang sagot ng dalaga.

“Hello? Naiisip mo na talaga ’yan? Ni hindi mo

pa nga siya nakikita o nakakausap nang personal maliban sa communication n'yo sa *Skype* at *Facebook*,” anito, sabay halukipkip.

“Dors, naiintindihan ko ang worries mo. Pero naka-chat mo na din si Nick. Did he seem like a bad person to you? He’s educated in the States. At saka hindi man conventional ang medium ng aming relasyon, ang mahalaga’y’yung point na nagkagusto kami sa isa’t isa,” paliwanag pa ni Chayzen.

“Harinawa. Dahil kung magkataon na aswang ang Nick na’yun o mambabarang ang lahi at napahamak ka sa kanila, isusumpa ako ng parents mo.”

Napatawa siya. Pero nang makitang seryoso ang mukha ng kaibigan, tumahimik siya.

“Thank you for doing this for me kahit alam kong labag sa kalooban mo at mabigat sa’yong ang magsinungaling. Pasensya na,” taos-pusong pahayag niya mayamaya.

“Hindi lang talaga kita matiis dahil best friend kita. Pero hindi porque pumayag ako sa plot mong ito, eh, gusto ko na para sa’yong ang Nick na’yun. Mag-ingat ka sa pupuntahan mo at parati mo akong i-inform kung ano ang nangyayari sa’yong, ha?” habilin

pa ni Doreen. Tumango siya at nangako.

Bukod sa damit, dinala rin niya ang laptop at camera sa pag-alis. Second love ng dalaga ang photography. Magastos nga lang kung ipu-pursue niya pang mag-aral niyon.

Her first glimpse of *Punta Del Sol* located in the beautiful island of Samal made her smile. She couldn't resist snapping aerial photos. Excited na tinanggal niya ang seat belt matapos huminto nang tuluyan ang eroplano.

Nang makarating sa arrival area ay nagpalingalinga siya para hanapin ang sundo. Naka-book kasi siya for two days sa isang hotel by the beach at kasama sa package ang pag-pick up nila sa kanya sa airport. She did these arrangements through the web. Dalawang araw pa mula ngayon ang dating ni Nick sa *Punta Del Sol*. Nag-alok ang nobyo na maaari siyang tumigil sa bahay ng mga ito dahil nandoon daw ang kapatid nito at ilang katiwala, ngunit tumanggi siya.

Ilang minuto pa'y sakay na siya ng service patungong hotel. Sabik na talaga siyang makaharap ang nobyo. Baduy man at di kapani-paniwala sa pandinig ng ibang tao na nakahanap siya ng boyfriend through the Internet, wala siyang pakialam. He was

an interesting man at masarap kausap.

“Ma’am, nandito na po tayo sa *Golden Crowne Hotel*,” magalang na anunsyo ng driver.

The staff welcomed and assisted her until she was comfortably settled in her room. Mula sa bintana, tanaw na tanaw ni Chayzen ang dalampasigan. She couldn’t wait to get her feet on that fine white sand and take pictures, kaya kagyat na siyang nagpalit ng outfit matapos kumain at i-email si Nick. White shorts at hanging top ang napili niyang isyuot. She let down her long straight hair and with camera in hand, she hit the beach.

Mala-paraiso ang lahat ng kanyang natatanaw kaya imbis na maligo kaagad, natukso siyang kumuha na lang muna ng larawan. The winding coast seemed unending and every step took her further from the hotel. Hanggang mahagip ng mga mata niya ang isang lumang parola.

It was situated atop a rocky spot which was elevated from the sea. Humahampas ang alon sa batuhan, pero hindi umaabot sa base ng lighthouse na gawa sa brick. Excited na tinugpa niya iyon. Isang pintong gawa sa kahoy lang ang nakita niyang daan papasok sa loob ng parola. Bahagyang nakabukas iyon kaya nagawa niyang sumilip sa loob.

Walang bintana kaya medyo madilim, but she was able to recognize the outline of the spiral steel staircase which probably led anyone at the top of the lighthouse, kung saan nandoon ang mismong ilaw na siyang sumisindi sa gabi para magsilbing guide ng mga mangingisda at dumadaang mga barko.

Kung aakyat siya sa itaas, magkakaroon siya ng malinaw na view ng papalubog na araw. Isinukbit niya ang strap ng camera sa leeg at umakyat ng hagdanan. Habol-habol niya ang hininga nang marating ang tuktok niyon. In the far end of the round room, she saw a window.

Natigilan si Chayzen nang makitang hindi siya nag-iisa. May mamang nakasandal sa tabi ng bintana! Nakatanaw ito sa labas at hindi marahil siya namalayan dahil sa suot na headset. He was about five feet ten inches tall, nakasuot ng maong pants at asul na polo shirt. Bahagya itong tumagilid. From where she was standing, she was able to catch a glimpse of a perfectly angled nose and sexy lips. The sun bursted into wonderful colors and he straightened gracefully to watch the horizon. Hindi siya nakatiis na hindi ito kunan ng larawan.

The flash from her camera caught his attention and he spun around. Chayzen caught her breath as

their eyes met. Hindi niya inaasahan na sobrang guwapo pala talaga nito lalo na pag harapan. But the surprise which was written all over his face was quickly replaced by irritation when he saw the camera in her hand.

“Ako ba ang kinuhanan mo ng litrato?” The way he said the words and the look he gave her made Chayzen leap in defense.

“N-nope. ’Y-yung binata, err, bintana. I... I mean, ang sunset...” Her voice came out weak at nagkandautal-utal siya sa pag-iisip ng palusot. Hindi niya maunawaan pero nagdalang-hiya siya na aminin sa lalaki na ito talaga ang kinuhanan niya ng larawan. She had seen so many gorgeous men in her job as a medical representative, subalit taob ang mga ito kung ikukumpara sa kaharap niya.

“Nakasandal ako sa bintana kaya imposibleng makuhanan mo ang labas na hindi ako kasama. Inutusan ka ni Cecille para gawin ito, hindi ba?” walang kangiti-ngiti na sabi nito. His accusing voice brought her back to present.

“Cecille? Wala akong alam sa sinasabi mo.” Kunot-noong inagaw nito ang tangan niyang camera. “What are you doing? Akin ’yan! Give me that!” sigaw niya. Tinangka niyang hilahin iyon

pero tumagilid ito at hinanap ang button para i-browse ang pictures. Hindi nagpatalo si Chayzen. Nag-agawan sila sa camera hanggang pareho silang mawalan ng balanse at matumba sa sahig. She fell on top of him.

The world stopped rotating on its axis for one fleeting moment. Nakalimutan niyang hindi siya masyadong balot sa kanyang suot. Ang kanang kamay ng lalaki ay nakalapat sa baywang niya in his last-minute effort to steady them both, while her breasts were pressed against the wide expanse of his chest. She felt her skin burn under his touch.

His eyes met hers and slowly travelled down to her half-open lips. Her body alarms went wild. *If he's gonna kiss me now, hindi ko maipapangakong hindi ko iyon tutugunin.* She closed her eyes in anticipation, but the kiss didn't come.

Sa halip, bumangon ang lalaki at ipinako ang atensyon sa kanyang camera. Mabilis nitong binura ang larawang kuha niya rito. Pagkatapos ay kinuha nito ang kamay niya at ipinatong doon ang camera bago walang sabi-sabing bumaba na ng hagdanan at iniwan siyang nakatulala sa hangin.

2

Hinubad ni Chayzen ang kasuotan at dumerecho sa shower. Hinayaan niyang umagos ang tubig sa kanyang kahubdan. Hinaplos niya ang katawan at bigla siyang natigilan. Ramdam pa rin niya ang init ng kamay ng di-kilalang lalaki sa lighthouse sa bahaging nahawakan nito kani-kanina lang. Nahiya siya sa sarili nang maalalang hinintay niya itong halikan siya habang sinamantala naman nito ang pagkabatubalani niya para mabura ang litrato.

Ano bang puwersa ang pumasok sa kamalayan niya para naising mahalikan ng isang estranghero? Nagayuma ba siya nito kaya ganoon na lang ang kagustuhan niyang madama ang mga labi nito sa kanyang bibig? Napabuntong-hininga na lang siya.

The following day, she went online and waited for Nick. Ilang sandali pa ay magkaharapan na sila sa webcam. Magandang lalaki rin ito ngunit hindi kasing-guwapo ng lalaking nakita niya sa lighthouse. Uminit ang mga pisngi niya sa naisip.

Bakit ba kailangang mag-pop na naman ng lalaki na 'yun sa imagination ko gayung kausap ko na si Nick? angal niya sa sarili.

“Chaze, narinig mo ba ang sinabi ko?” Napapitlag siya nang magsalita si Nick. Nagkunwari siya na may inaayos lang sa speaker niya.

“Come again. Pangit kasi ang reception ko dito, eh.”

“Ika ko, baka ma-delay kami ng uwi. Something came up with Dad’s health.”

“What happened?” usisa niya.

“Ang puso pa rin niya ang problema. But we’re hoping he’ll be okay soon,” balita nito.

“Sana nga. By the way, Nick, isang linggo lang ang paalam kong bakasyon kina Papa.”

“I’m sorry, Chaze. No one saw this coming. Pero kagaya ng sinabi ko, hindi pa naman final ito. Gusto lang makatiyak ng doktor ni Dad, pero kung okay ang result ng test, then we can go as scheduled,” pampalubag-loob nito.

Hindi nabawasan ang pagkadismaya niya hanggang matapos ang usapang iyon. Bandang hapon, nainip siya kaya naisipan niyang maglakad-lakad na lang. Ang pitaka, cellphone at ilang kikay stuff ay isinilid niya sa isang shoulder bag. Bitbit ang camera, nagpatawag siya ng masasakyan sa

receptionist patungong Brgy. Minara na siya di-umanong sentro ng *Punta Del Sol*.

Inikot ni Chayzen ang paningin pagdating sa pakay na lugar. Most houses were either native or old. May ilang bata pa siyang nakitang nagpapatintero sa tabing-daan. Masyado siyang na-engross sa pagkuha ng larawan kaya hindi niya napansin ang isang malaking lalaki na nagsimulang sumunod sa kanya. Sa isang iglap, nahablot nito ang kanyang bag. Nanuyo ang lalamunan ng dalaga. Tinangka niyang sumigaw pero walang boses na lumabas sa kanyang bibig. Mabilis na nawala sa paningin niya ang snatcher.

Nanlulumong naghanap siya ng police station at ini-report ang nangyari. Hindi niya alam kung paano na siya ngayon. Nasa bag na iyon ang kanyang wallet at cellphone. May naitabi siyang pera na naiwan sa hotel, pero sakto lang iyon na pambili ng ticket pauwi.

At kung made-delay sina Nick ng dating, wala na siyang pera para magtagal pa sa lugar na iyon. Dahil nga wala na siyang pera ni kusing, nagboluntaryo ang pulis na ihatid siya ng patrol car. Malusaw-lusaw siya sa kahihyan pagdating ng hotel. Inignora na lang niya ang tingin ng ibang guests at kaagad na

inasikaso ang pagkontak kina Doreen at Nick gamit ang Internet.

Pero hindi online ang kaibigang matalik kaya napilitan siyang i-email na lang dito ang mga nangyari. Si Nick naman ay kaagad na nagresponde sa kanya at labis na nag-alala nang madinig ang kuwento niya.

“Nakakalungkot ang nangyari sa ’yo, Chaze. Pero sa malas, hindi pa cleared sa doktor si Dad kaya sure na delayed ang uwi namin d’yan.”

“What?” dismayadong pahayag niya.

“Two days lang kaming made-delay. We will still have three days together,” pampalubag-loob nito.

“Paano na ito ngayon?” laglag ang mga balikat na sagot niya.

“I could send you money if only may nag-e-exist na international money transfer d’yan sa *Punta Del Sol*. But my brother said, wala pa rin daw up-to-date,” anito. Napasubsob si Chayzen sa kanyang mga palad. Gusto niyang umiyak dahil sa frustration.

“Kung tawagan mo na lang ang parents mo at hilingin na padalhan ka ng pera d’yan?” suhestyon ni Nick.

That, she couldn't do. Dahil nga ang alam ng mga magulang ay kasama niya si Doreen sa probinsya nito. Pero hindi naman niya masabi sa katipan ang bagay na iyon.

"N-no. I, I mean... wala kasi sina Papa sa amin ngayon, eh. N-nagbakasyon sila at matagal pa ang balik. Isa pa, nenerbyusin sila pag nalamang nanakawan ako kaya hindi ako p'wedeng magsabi. Baka mapauwi ako nang wala sa panahon," pagdadahilan niya. *God, 'eto na nga ang sinasabi ni Doreen na kaliwa't kanang pagsisinungaling.* Pero wala na rin siyang choice dahil nasimulan na niya. *Papanindigan ko na lang.*

"If that is the case, then, I'd better ask my brother to fetch you. D'un ka na lang sa bahay namin mag-stay tutal ilang araw lang naman, darating na kami. Secured ka pa d'un at wala kang poproblemahin sa food, transpo and everything," desisyon nito.

"Ayoko. Nakakahiya masyado. Ano na lang ang sasabihin ng mga kaanak mo?" mabilis na tanggi ng dalaga. Uutang na lang muna siya siguro kay Doreen. Pero hindi niya rin tiyak kung may maipapahiram sa kanya ang kaibigan. O kung kailan nito mababasa ang e-mail niya dahil hindi katulad niya, walang kahilig-hilig si Doreen sa Internet surfing.

“It’s okay. They won’t mind. Tatawag ako sa kapatid ko d’yan para ipaliwanag ang sitwasyon,” pangungumbinsi pa nito.

“Sure ka ba dito?” napapabuntong-hiningang sabi niya.

“Hundred percent. Mas mapapanatag ako knowing na nand’un ka na sa amin. Isipin mo na lang na napaaga nang konti ang paglipat mo,” nakangiti pang paniniguro nito. Saka pa lang nakahinga si Chayzen.

“I’ll be signing off now. Kokontakin ko pa ang kapatid ko para bukas masundo ka na niya diyan sa hotel. ’Bye, Chaze, love you,” paalam ni Nick.

“Love you, too... Salamat nang marami. Buti nand’yan ka.”

She was able to eat with appetite that night. Dahil payapa ang karagatan at hindi gaanong maliwanag ang buwan, naisipan ni Chayzen na mag-night swimming. She went down to the beach wearing her brandnew two-piece swimsuit.

Solo niya ang dagat, much to her delight. Inilubog niya ang katawan at lumangoy. Nakahanap siya ng spot na medyo maligamgam ang tubig kaya doon siya nagbabad. Medyo malayo iyon sa area

ng resort hotel, pero hindi naman siguro bawal paliguan. Isa pa, walang ibang tao roon kundi sya.

Nang magsawa, nagdesisyon si Chayzen na umahon na. She was about to go when a tall figure emerged from a canopy of trees nearby. Nanigas siya sa kinaroroonan at pigil ang hiningang inilublob ang katawan hanggang leeg. Sinasal ng kaba ang dibdib niya at inunti-unti ang pag-atras pabalik sa area ng hotel.

He drew nearer to the water and with the help of the light coming from the moon, namukhaan niya ito. *Ang lalaki sa lighthouse!* Hinubad nito ang suot na pang-itaas habang naglalakad, revealing an athletic body worthy to be gaped at. Ilang metro na ang layo niya mula rito. Maaari na siyang makalayo tutal hindi siya nito napansin. But then, he began to unbutton his pants...

Nag-double dribble ang puso ni Chayzen. Hindi niya kinayang titigan ang kahubdan nito, pero at the same time, para siyang namatanda na hindi rin magawang umalis. Nang muli siyang tumingin sa gawi nito, naglalangoy na ang lalaki. Sinamantala niya ang distansya niya mula rito at dali-daling tinugpa ang mas mababaw na bahagi ng tubig. Walang anu-ano ay may tumusok sa kanang paa

niya. Napagibik siya dahil sa sakit.

It was loud enough for the man to hear. Gulat na napahinto ito sa paglalangoy at napatingin sa direksyon niya. She took another step in panic, pero lalo lang yatang bumaon sa talampakan niya ang anumang tumusok doon. Napaupo siya sa hanggang sakong na tubig at sinapo ang paa. Mabilis na umahon ang lalaki at nagsuot ng pang-ibaba. Lihim siyang nanalangin na sana ay magkaroon na lang ng tsunami nang mga oras na iyon at tangayin siya ng dagat palayo dahil sa sobrang kahihiyang na nararamdaman niya.

I am so dead, paulit-ulit na usal ni Chayzen sa sarili habang papalapit ang lalaki sa kinasasadlakan niya. He fished out a flashlight from his pocket and shone it sideways to her.

“So it’s you again. Una, ninakawan mo ako ng litrato, ’tapos ngayon, heto? Wala na bang katapusan ang panggugulo n’yo nina Cecille sa akin?” inis na saad nito.

“Excuse me? Sunset talaga ang kukuhanan ko kaya ako umakyat ng parola kahapon. Nahagip ka sa picture, oo, pero hindi iyon sinasadya. Ika-crop ko naman ang hitsura mo kung di mo nga lang binura. At saka sino bang Cecille ang sinasabi mo? Hindi ko

siya kilala. Kadarating ko lang sa lugar na ito,” sagot niya.

Malinaw na niya na nakikita ito pagkat ibinaba na nito ang ilaw sa gilid nito. She could actually make out drops of water dripping down his awesome upper torso. Pinigilan niya ang mga mata sa pag-trace kung saan ang final destination ng dumadausdos na mga butil ng tubig. Now she was certain, hindi siya dinaya ng paningin nang una niya itong makita sa lighthouse. He was really super good-looking!

“Provided na totoo ’yang sinasabi mo, why did you snoop around while I stripped off?” walang gatol na tanong nito. Naramdaman niya ang pag-init ng mga pisngi.

“Hindi kita napansin. Katunayan, ni hindi ko inakala na may ibang tao dito maliban sa akin. I was just taking a quick dip and was about to go kung hindi lang natusok ang paa ko,” pagdadahilan niya. Yumuko ang lalaki at inilawan ang paa niya.

“Quick dip, ha? Sa hitsura ng talampakan mo, mukhang matagal ka nang nakababad sa tubig.”

To her horror, the skin on her feet looked wrinkled. Hinuli nito ang kanyang mga mata, pero una siyang nagbawi ng tingin. And to make her feel

even worse, he was now suppressing a smile, na tila ba basang-basa nito ang guilt sa mukha niya. He actually looked even better with that smirk.

Darn it! lihim na mura niya.

“I hope you are pleased with what you saw,” marahang sabi nito habang derechong nakatingin sa kanya. Chayzen blushed even deeper.

“You flatter yourself, Mister. I didn’t, and won’t, snoop at you,” matigas na tanggi ng dalaga. He grinned.

“Actually, okay lang naman ’yun sa akin kaya huwag ka nang mag-deny. I won’t mind kung kasing-ganda mo ang nakakita sa ganitong hitsura ko.”

“Wala kang prueba kaya huwag mo akong pagbintangan,” aniya, feeling warm all over with his open compliment. Kahit hindi na sumagot pa ang kaharap, pakiramdam niya ay hindi niya nabago ang paniniwala nito if she were to interpret the look on his face while he examined her affected foot further. His hands tickled and she pulled away from his touch, as if electrified.

“Nakaapak ka ng shell. Bumaon na ’yung tinik. Hindi nakausli ang dulo kaya hindi ito matatanggal kung walang pin,” saad nito mayamaya.

“Maglalakad na lang ako unti-unti pabalik ng hotel,” desisyon ng dalaga, sabay tayo. She found out that it was much harder to walk using the ball of her foot. Nadidiin niya lang lalo ang tinik, inflicting more pain. Gusto niyang maiyak.

“Look, Miss, mas mabuti siguro kung kargahin na kita. Kung itatapak mo pa ’yang paa mo, lalo ka lang masasaktan,” anang lalaki mula sa likuran niya.

“What? Ni hindi nga kita kilala,” nakamulagat na sabi ni Chayzen.

“Pangalan ko lang ang hindi mo pa alam. Pero physically, kilalang-kilala mo na ako. Even if you refuse to admit, I know you’ve seen me without clothes on,” may himig ng panunudyong pahayag nito.

“I did not stare, hello!” biglang angil niya.

“Yeah, right,” nakatawang sagot ng kausap.

It was only then that she realized the implication of her statement. Para na rin siyang umamin niya na nakita nga niya itong naghuhubad, pero hindi lang niya tinitigan masyado. Namula siya mula ulo hanggang paa.

“As for my name, it’s Benjamin. Ngayong

magkakilala na tayo nang lubusan, baka p'wede mo nang tanggapin ang inaalok kong tulong?" nakangiting pahayag nito.

Dahil hiyang-hiya siya, tinalikuran na niya ito. She hopped on one foot as she walked away. Hiniling niya na sana ay hindi na lamang siya nagawi sa bahaging ito ng dalampasigan.

3

Sinipat ni Benjamin ang sarili sa salamin at nagwisik ng pabango sa magkabilang balikat.

“I did not stare.” Napangiti siya nang maalala ang sinabing iyon ng babae sa beach. She looked mortified after her little slip of tongue. Kulang na lang ay liparin nito ang pabalik sa hotel. He found it amusing that a beautiful woman like her did pry while he undressed.

Nakahinga rin siya nang maluwag nang malaman mula rito na wala pala talaga itong connection sa stalker niyang si Cecille. Isang taon na rin halos na wala siyang girlfriend. Ngayon pa lang uli napukaw ng isang babae ang kanyang interes. Ibinulsa niya ang susi ng sasakyan at lumabas ng bahay.

Sana naka-check in pa siya sa hotel.

Samantala, nagbibihis na nang mga sumandaling iyon si Chayzen. May kaunting kirot pa rin siyang nararamdaman sa talampakan. Paalala ng kanyang munting kagagahan nang nagdaang gabi. Siguro niloob ng langit na makaapak siya ng tinik. Karma dahil nagawa niya pang pumansin ng guwapo

gayung may nobyo na nga siya. But remembering that Benjamin actually offered to carry her... A smile escaped her lips.

Hay, Chayzen, tumigil ka na! sita niya sa sarili. He is gorgeous, he called you beautiful and he told you his name. End of adventure. Sinulyapan niya ang mga naligpit na gamit. Anumang sandali ay darating na ang kapatid ni Nick para sunduin siya. Siguro naman, pag napagitnaan na siya ng partidos ng katipan, mawawalan na ng bisa ang hatak ng Benjamin na iyon. Saktong papalabas siya ng kuwarto nang mag-ring ang telepono.

“Hello?”

“Hello, Ma’am, Mr. Mateo is here to fetch you.”
Natigilan siya.

“Mr. Mateo?” Wala siyang inaasahang bisita maliban sa kapatid ng nobyo. *Pero San Juan ang apelyido ni Nick.*

“Yes, Ma’am. Kapatid daw po siya ni Mr. Nick San Juan,” paglilinaw ng receptionist.

“Oh, I see. Sige po, bababa na ako,” aniya bagaman aandap-andap ang kalooban. Hindi nabanggit ni Nick na iba ang apelyido ng kapatid nito. *At paano nangyari ’yun?* She had to ask Nick

later.

Sumakay siya ng elevator patungong ground floor, dala ang bag na de-gulong. Awtomatikong dumako ang mga mata niya sa reception area. Isa lang ang taong namataan niya roon; kasalukuyang nakatalikod ito at abala sa pakikipag-usap sa receptionist.

“Siya po ba ang sinasabi n’yo, Sir?” anang babae pagkakita sa kanya na papalapit. Nag-angat ng mukha ang kausap nito at lumingon sa direksyon niya.

Her shoulders literally dropped in shock. *It’s Benjamin!* He looked as stunned as she was. Parang gusto na lang bumalik ni Chayzen sa kuwarto o magising sakaling panaginip lang ito.

“I-ikaw ang girlfriend ni Nick?” hindi makapaniwalang kumpirma ng lalaki sa kanya.

Pakiramdam ng dalaga, pinanawan siya ng lakas nang mga sandaling iyon.

“A-ako nga.” Sinikap niyang pasayahin ang tinig at pakaswalin iyon, but she sounded stupid even to herself.

Biglang tumunog ang cellphone ni Benjamin

kaya nag-excuse ito at lumayo. It was Nick on the other end.

“Hello Benj, kumusta?” Hindi siya kailanman tinawag na ‘Kuya’ ng stepbrother niya kahit na limang taon pa ang tanda niya rito. Okay naman ang pakikitungo nila sa isa’t isa kahit na hindi sila magkadugo at naging magkapamilya lang through the union of their parents in matrimony.

Beinte años siya at si Nick ay labing-limang taong gulang nang makilala at pakasalan ng biyudong ama ni Benjamin ang ina ni Nick. Tutol silang lahat na isang babaeng may anak pa sa pagkadalaga ang napili ng kanyang ama na asawahin, pero wala silang nagawa.

Mabigat ang loob niya kay Pinky San Juan at sa anak nitong si Nick noong una. Pakiramdam niya, may mali sa kilos ng mag-ina. He was slightly wrong with Nick but with Pinky, he was totally right. Ipinikit ni Benjamin ang mga mata para burahin ang pangit na alaalang biglang sumulpot sa isip niya.

“Hello, Benj? Are you there? Nasundo mo na si Chayzen?” untag ng stepbrother.

“O-oo. Nandito na ako sa hotel at paalis na kami.”

“I see... Thank you. So what do you think?”
masiglang tanong nito.

“What do you mean?”

“Is she beautiful? Bagay ba kami? Tama ba ang taste ko?” sunud-sunod na usisa nito. Nilíngon niya si Chayzen na noon ay saktong napatingin din sa kanya. Una itong umiwas ng tingin.

“She is... pretty,” aniya, vividly recalling an image clad in wet two-piece swimsuit. Ipinilig niya ang ulo at sinikap na ibaling muli ang atensyon sa kausap.

“Thanks. I’m glad,” nakatawang sagot nito.

“Pero, Nick, gaano mo ba ito kakilala? I mean, sinabi mong sa Internet lang kayo nagkar’on ng ugnayan,” pahayag niya, mixed emotions and thoughts playing in his mind. Hindi pa rin niya lubos-maisip na ang babaeng ito ay may kaugnayan sa kanyang stepbrother.

To think he was hoping and actually looking forward to see her again. In fact, matapos tawagan ng receptionist ang girlfriend ng kapatid, isinunod niyang inilarawan ang babae sa pagbabakasakaling naka-checkin pa ito roon. Mantakin niyang ang babaeng dini-describe pala niya at ang nobya na

ipinapasundo ni Nick ay iisa?

“Benj, kayangasiyanandiyanparamagkakilanlan kami nang mabuti. The thing is, I want to go home, see her, and make love to her pag sinuwerte.” Pabiro ang pagkakasabi nito sa huling kataga, ngunit hindi maintindihan ni Benjamin kung bakit nakaramdam siya ng pagkairita nang marinig iyon.

“Kung ako sa ’yo, kilatisin mo muna ito nang mabuti. Huwag kang padalos-dalos. Baka magsisi ka sa huli pag napasubo ka na,” sa halip ay paalala niya. Halakhak ang isinagot ni Nick imbis na magalit sa kanya.

“You worry too much, Benj. Cool ka lang. It’s not that mag-aasawa na ako or something. Maraming lusot kung magkagipitan.”

Napatikom na lang ang kanyang mga labi. *So irresponsible.* Wala pa ring ipinagbago si Nick. Mahilig sa good time, happy-go-lucky, walang long-term plan sa buhay. *This girl is foolish to even go all the way here to meet Nick. Sayang, maganda pa naman siya.* Sabagay, baka kaugali lang din ito ng kanyang kapatid. Agresibo, palaban, gusto lang maglaro sa damuhan. *And I am an equal fool for taking an interest with her. Bahala siya, bahala sila,* aniya sa sarili. Binalikan niya si Chayzen matapos

ang usapan nila ni Nick.

“Let’s go,” paiwas ang tinging aya niya rito.

Tumikhim ang babae at nag-aalangang kinausap siya.

“S-sorry sa lahat, ha? We didn’t start on a good footing. Pasensya na kung natarayan kita,” sinserong pahayag nito.

He glanced at her indirectly. *You should be sorry. You almost had me asking you out for a date. You could’ve hinted that you’re taken instead of giving me admiring gazes in the two occasions that we’ve crossed paths.*

But hell, maaaring na-misinterpret niya ang mga tingin nito. Napabuntong-hininga si Benjamin. She was Nick’s girlfriend and he should play as the gracious host kahit na disappointed siya sa natuklasan.

“It’s okay. Kalimutan na lang natin lahat ’yun,” tugon niya. Nagpasalamat ito at hindi na muling tumingin sa kanya.

Well, to give her credit, she was humble enough to say sorry. Kabaligtaran ito ni Nick na hindi kailanman humingi ng dispensa sa mga maling

nagawa nito. Biro lang para rito ang lahat. Alam nitong mambola at maglambing sa mga magulang nila, kaya hindi ito napaparusahan at pinapalagpas na lang pag may nagawang mali. Mabuti nga at nagdesisyon ang kanyang ama na sa States pag-aralin si Nick para iiwas sa barkada at nang lumaon, sumunod pati ang mga ito sa lalaki.

Dapat kasama siya ng mga ito sa pag-migrate doon, but he was happy to decline and opted to work here in the country.

Ilang sandali pa ay nakarating na sila ng bahay. Hindi iyon kalayuan mula sa hotel. Puwedeng lakarin kung tutuusin kaso pinili niyang sunduin ito ng kotse dahil baka maraming gamit ang babae. Nakaabang na sina Manong Paco at Manang Loring sa kanilang pagdating. Siya na ang nagpakilala kay Chayzen sa mga ito. Sa pagkagulat nila, inabot ng dalaga ang kamay ng dalawang katiwala para magmano. Wala pang iniuwing babae noon si Nick na may manners. Si Chayzen pa lang. Pinigilan ni Benjamin ang sarili na ma-impress dito.

“Aba’y pagkaganda-ganda mo pala, Ineng,” komento ni Manang Loring.

“Salamat po,” nahihiyang sagot ni Chayzen.

“Manang, pakisamahan na lang po siya sa guest room. Kayo na po ang bahala sa kanya. Aalis muna ako,” habilin ni Benjamin. Tinanguan niya lang ang bisita bago umalis.

“Halika na, Ineng,” baling ng katiwala sa dalaga. Pagkatapos dalhin sa guest room ang kanyang mga gamit, inaya siya nito para iikot sa kabahayan.

Kahit may dinaramdam pa sa talampakan, nagpaunlak si Chayzen. Dalawang palapag ang bahay. Pito ang mga kuwarto at may veranda sa likuran na kung saan ay tanaw na tanaw ang karagatan. Dahil nga tabing-dagat, very prolific ang mga niyog na nakahilera sa malawak na likurang bahagi ng bahay.

“Kopra at sukang tuba ang pangunahing produkto namin mula sa mga ’yan. Matamis pa man din ang sabaw ng buko dito,” pagmamalaki ni Manang Loring.

Magkokomento sana si Chayzen pero napipilan siya nang mahagip ng mga mata ang lighthouse na nasa di-kalayuan. Sinundan nito ang kanyang tingin.

“Maganda ang tanawin mula sa itaas ng parolang ’yan, Ineng. Ipinatayo daw ’yan ng lola ni

Benjamin,” anito.

Alam niya iyon dahil nakaakyat na siya roon. Sa katunayan, doon niya unang nakita si Benjamin. Pero nagkunwari na lang siyang nagulat sa nalaman.

“Talaga po? Ibig sabihin po, private property pala ng pamilya n-ni B-Benjamin ang parola?”

“Oo. Makasaysayan daw ’yan sabi nila. Pero hindi ko alam kung bakit. Nand’yan na ’yan bago kami nanilbihan dito. Magpakuwento ka kay Benjamin, baka alam niya ang istorya ng parola,” sagot ng matandang babae.

Nakakatukso ngang magtanong sa binata ng tungkol doon, ngunit duda siya kung papayag itong makipag-usap sa kanya. Tila may pader na pumagitan sa kanila pagkatapos nilang magkaharap sa hotel.

It was really awkward after everything that happened. Kaya naman taos talaga sa puso niya ang paghingi ng dispensa rito kanina. Matapos niyang sungitan ang lalaki, it was the least she could do. Bukod doon, palihim din siyang nanliliit na nagkainteres siya rito. Balak niyang ibaon sa limot ang kanyang munting katangahan, sikaping makasundo si Benjamin bilang kapatid ng kanyang nobyo at

huwag nang ma-mesmerize sa kaguwapuhan nito.

Habang kumakain ng tanghalian, napag-alaman niya mula sa mag-asawa na isa palang architect si Benjamin at sobrang galing sa Math. Namana pala nito iyon sa ina na isang Math teacher noong nabubuhay pa. Nakuha rin niya ang sagot sa kanyang tanong kung bakit magkaiba ang apelyido nina Nick at Benjamin. Hindi pala tunay na magkapatid ang mga ito.

Ayon pa kay Manang Loring, bagaman palabiro at mahilig makipagkaibigan si Nick, mas mabait daw at responsable si Benjamin. Hindi na lang siya kumibo. Kani-kanyang pananaw lang ang bagay na iyon. Hindi niya masasabi hangga't hindi niya nakakasama ang katipan.

Matapos kumain ay nagpaalam siya sa mga katiwala na magpapahinga sa kuwarto. Nagkaroon siya ng laya na mag-connect sa Internet. There were two e-mails from Doreen. Alalang-alala ito sa kalagayan niya. Ibinalita rin nito na nagtataka ang mga magulang niya kung bakit hindi siya kumokontak sa mga ito. Nakiusap ang kaibigan na magparamdam siya sa mga ito para walang duda.

She assured Doreen that she was fine and promised to call her parents. Kung paano, hindi pa

niya tiyak. Kailangan siguro niyang makisuyo kay Benjamin para makigamit ng cellphone nito.

Lumabas siya ng kuwarto nang bandang alas cinco. Nakabibingi ang katahimikan sa loob ng kabahayan. Nahihiya naman siyang mang-abala sa dalawang katiwala para lang may makausap siya. Minabuti na lamang niyang libangin ang sarili sa pagtingin sa mga paintings at portraits na nakasabit sa dingding.

One that caught her interest was that of a beautiful woman. *Siya siguro ang nanay ni Benjamin.* He got his mother's eyes and complexion. Sa isang frame naman ay magkasama si Benjamin at ang ina nito. Magkayakap ang dalawa at parehong nakangiti.

May isa pang picture frame sa tabi niyon. Hindi maikakaila kung sino ang cute na batang lalaki sa larawan. Nakasakay ito sa isang maliit na bike at nakatawa sa kung sinumang kumukuha ng litrato. Nakakahawa ang tuwa ng batang Benjamin sa larawan. Puno ng buhay at tuwa.

It must have caused him profound sadness when his mother passed away, sabi niya sa sarili.

Wala sa loob na napahaplos siya sa larawang iyon. Sa ganoong ayos ay naratnan siya ni Benjamin.

“T-tinitingnan ko lang kung sa anong material gawa ang frame. Mukha kasing matibay,” dagling paliwanag ni Chayzen kahit hindi namannagtatanong ang lalaki. Abut-abot ang kabog ng dibdib niya nang sandaling iyon.

“My grandmother bought it from an antique shop.” Nakahinga siya nang maluwag na iyon ang namutawi sa mga labi nito.

“Kaya pala,” kunwari ay patangu-tangong sagot niya.

“Mommy mo ba siya?” aniya, sabay muwestra sa babaeng nasa frame. Tumango ito. “Ang ganda niya. She looked very kind,” she said sincerely.

“She was. Everyone loves her.”

“If I may guess, siya ang kumuha ng litrato habang nakasakay ka sa bike?” hula niya. He looked amazed.

“How did you know?”

“Nanay lang ang makaka-invoke ng ganyang tuwa sa isang bata,” sagot ng dalaga.

Hindi alam ni Chayzen, but she won Benjamin’s approval at that very moment. Anything that pertained to his mother made him soft. Anyone who

appreciated her became close to his heart. He turned his back to leave.

The last thing he wanted right now was to feel fondness for Chayzen. He should guard himself and keep her at bay. Akmang tutungo siya sa kanyang silid nang marinig niyang tinawag siya ng babae.

“Uhm... p-p’wede bang makitawag sa phone mo? Kasama kasing na-snatch ’yung cellphone ko,” pagbibigay-alam nito.

“Pakibilisan mo lang, ha?” pormal na sabi niya at hindi tumitingin sa dalaga na iniabot rito ang cellphone.

“S-salamat.”

Hindi sumagot si Benjamin. Tumalikod na siya at tinungo ang kanyang silid.

Ano’ng problema niya? Akala ko pa man din okay na kami, kunot-noong saad ni Chayzen sa sarili. Daig pa si Optimus Prime sa bilis mag-transform.

She was a little disappointed. Gusto niyang makasundo ang lahat ng tao sa bahay na iyon alang-alang kay Nick. Nagkibit-balikat na lang siya at tinawagan ang ama. Kinagalitan siya nito kung

bakit hindi man lang siya kumokontak sa mga ito. Napilitan tuloy siyang maghabi ng excuse.

“Nalaglag po kasi ang SIM card ko, Pa. Eto, kabibili ko lang.”

“Kaya pala hindi ka namin makontak.”

“Ako na lang po ang tatawag. Pag namamasyal kasi kami ni Doreen, iniwan ko itong phone sa bahay at baka ma-snatch.” Napausal na lang siya ng piping dasal para humingi ng tawad sa bagong pagsisinungaling.

“Gan’un ba? Teka, ang mama mo nga pala, nagpapabili sa ’yo ng lansones at suha. Iyon daw ang ipasalubong mo sa kanya at saka mangosteen,” tagubilin ng ama.

“Opo, Papa. Sige po.” Napabuntong-hininga siya nang maputol ang linya. Oo nga pala, ang buong akala ng mag-asawa ay nasa Davao City siya. Dadaan na lang marahil siya sa supermarket para bilhin ang mga prutas na request ng ina bago siya uuwi sa kanila. Ililipat niya lang iyon sa basket para magmukhang galing nga sa Davao.

Hinanap niya si Benjamin para isauli ang cellphone nito subalit hindi niya ito makita. Nakakita siya ng pinto na bahagyang nakaawang.

Lumapit siya roon at sumilip; isang maliit na library iyon. Mula sa isang mesa sa gitna, namataan niya ang binata habang gumuguhit ng plano ng isang building. Nakayuko ito at absorbed na absorbed sa ginagawa.

It's a sin to be this handsome. Unfair sa iba. But if he is always this serious and moody, gosh! Ang malas ng babaeng mapapangasawa nito.

Sa puntong iyon napiling mag-angat ng ulo ni Benjamin. Nagtama ang kanilang mga paningin. Kagaya niya, tila hindi rin nito magawang alisin ang mga mata sa kanya. Chayzen felt her heart skip a beat.

Or maybe, hindi naman gan'un kamalas ang iibigin niya.